

Ang  
Proseso ng Makatarungang Pagdinig  
para sa Mga Mamimili  
na may 3 Taong Gulang at Mas Matanda



**DDS**

Department of Developmental Services

Oktubre 2006

## MGA NILALAMAN

Ano ba ang Proseso ng Makatarungang Pagdinig?.....	1
May Paraan bang Makatungo sa Kalutasan nang Hindi Dumadaan sa Makatarungang Pagdinig? 2	
Ano ba ang mga Takdang Panahon para sa Pag-umpisa ng Proseso ng Makatarungang Pagdinig? .....	2
Ano ang Mangyayari Kung Iharap Ko ang Aking Kahilingan para sa Makatarungang Pagdinig? 2	
Ano ba ang Aking Mga Karapatan sa Bawat Baitang ng Proseso ng Makatarungang Pagdinig?.. 3	
Paano Ako Makakukuha ng Tulong sa Prosesong Ito? .....	3
Paano Itatakda ang Oras at Petsa ng Kusang-loob at Impormal na Pagkikita? .....	4
Ano ang Mangyaayri sa isang Kusang-loob at Impormal na Pagkikita?.....	4
Paano at Kailan Ako Babalitaan ng Pamook na Sentro o Sentrong Pangkaunlaran ng Estado Ukol sa Kanilang Pasiya sa Impormal na Pagkikita? .....	4
Ano Ba Ang Mangyayari Kung Hindi Ako Sang-ayon sa Pasiya ng Impormal na Pagkikita ng Pamook na Sentro o ng Sentrong Pangkaunlaran ng Estado? .....	5
Paano Itatakda ang Oras at Petsa ng Pamamagitan?.....	5
Ano ang Dapat Kong Gawin Kung Kailangan Kong Magtakda ng Ibang Oras o Petsa ng Pamamagitan? .....	6
Ano ba ang Pamamagitan?.....	6
Ano ang Mangyayari Kung Nabigo ang Pamamagitang Lutasin ang (mga) Isyu? .....	6
Paano Itinatakda ang Oras o Petsa ng Makatarungang Pagdinig?.....	7
Ano ang Dapat Kong Gawin Kung Kailangan Kong Magtakda ng Ibang Oras o Petsa ng Makatarungang Pagdinig? .....	7
Ano ba ang isang Makatarungang Pagdinig?.....	7
Paano at Kailan Ako Babalitaan ng Pasiya ng Makatarungang Pagdinig?.....	8
Ano ba ang mga Batas at Utos na Maiaangkop sa mga Pamamaraan ng Makatarungang Pagdinig?.....	9

## Ano ba ang Proseso ng Makatarungang Pagdinig?

Ang proseso ng makatarungang pagdinig na inilalarawan sa polyetong ito ay isang proseso para sa paglutas ng mga hidwaan sa pagitan ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado at mga mamimili o mga humihiling na may **tatlong taong gulang o mas matanda**. Sa mga hidwaan na sumasaklaw sa mga mamimili o humihiling na **mas bata sa tatlong taong gulang**, sangguniin ang **Mga Karapatan ng mga Magulang sa Maagang Umpisa**, na makukuha sa pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado.

Batay sa proseso ng makatarungang pagdinig, ang mga hidwaan ay maaaring maging tungkol sa mga serbisyo, pagkamarapat o anumang pasiya o aksiyon ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado na hindi ka sang-ayon. Kasama ng proseso ng makatarungang pagdinig ang isang kusang-loob at impormal na pagkikita, pamamagitan at isang makatarungang pagdinig.

Ang kusang-loob at impormal na pagkikita ay isang pagkikita ng patnugot ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado o ng tao na kanyang itinalaga sa iyo at sa iyong awtorisadong kinatawan, kung mayroon ka man nito. Ang hangarin ng kusang-loob at impormal na pagkikita ay ang pagtangka na lutasin ang mga isyu ng apela. Maaaring tanggihan mo, o ng iyong awtorisadong kinatawan, ang impormal na pagkikita.

Kung tanggihan mo o ng iyong awtorisadong kinatawan ang isang kusang-loob at impormal na pagkikita o ikaw ay hindi nasisiyahan sa pasiya ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado kasunod ng isang impormal na pagkikita, at hindi ka pa humiling ng pamamagitan, maaari kang humiling ng pamamagitan o tuwirang magpatuloy sa isang makatarungang pagdinig.

Kung hiniling ang pamamagitan, maaaring tanggapin o tanggihan ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ang kahilingan. Kung tanggapin ito, gaganapin ang pamamagitan sa isang impormal na paraan ng isang tagapamagitan itinalaga ng Office of Administrative Hearings. Ikaw, ang iyong awtorisadong kinatawan o ang pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ay maaaring umurong sa pamamagitan sa kahit na anumang panahon at magpatuloy sa isang makatarungang pagdinig.

Kung tanggihan mo, ng iyong awtorisadong kinatawan o ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ang pamamagitan, o kung nabigo ang pamamagitan na lutasin ang isyu o mga isyu nang kasiya-siya sa iyo o sa iyong awtorisadong kinatawan, magpapatuloy ang kapakanan sa makatarungang pagdinig.

Ang makatarungang pagdinig ay mas pormal na proseso at ito'y pinapatnugutan ng isang Hukom ng Batas na Pampangasiwaan na naglilingkod sa Office of Administrative Hearings (Opisina ng mga Pampangasiwaang Pagdinig).

Dapat maglabas ng isang pangwakas na pasiya ang pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado **sa loob ng 90 araw** matapos matanggap ang pormularyo ng Kahilingan sa Makatarungang Pagdinig. Maaaring palugitan ang 90 araw na panahon kung humiling ka ng pamamagitan o kung hilingin mo ang isang pagpapatuloy o pagpapaliban ng iyong pagdinig.

Ang Paunawa ng Iminungkahing Aksiyon na natanggap mula sa pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado, kung ito'y nababagay, ay nagpapakita kung ikaw ay kasali o hindi sa Waiver program. Kung wala kang natanggap na Paunawa ng Iminungkahing Aksiyon, maaari mong sangguniin ang pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado upang tiyakin kung ikaw ay kasali, o hindi, sa Waiver program. **Hindi naapektohan ang mga serbisyo ng iyong pagkasali, o hindi pagkasali, sa Waiver program. Kung kasali ka sa Waiver program at binalitaan ka ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado na hindi ka na karapat-dapat sumali dito, hindi maaapektohan ng pagbabagong ito ang iyong mga umiiral na serbisyo.**

### ***May Paraan bang Makatungo sa Kalutasan nang Hindi Dumadaan sa Makatarungang Pagdinig?***

Ang mga hidwaan ay kadalasang nalulutas nang hindi dumadaan sa isang makatarungang pagdinig. Sangguniin ang isang kinatawan ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado, ang isang clients' rights advocate (tagapagtaguyod ng mga karapatan ng kliyente), ang pampook na lupon o ibang kapisanan ng nagtataguyod para sa karagdagang impormasyon at tulong.

### ***Ano ba ang mga Takdang Panahon para sa Pag-umpisa ng Proseso ng Makatarungang Pagdinig?***

Maaaring magharap ang sinumang humihingi, tumatanggap ng mga serbisyo o awtorisadong kinatawan ng isang kahilingan para sa isang makatarungang pagdinig. Ang kahilingan ay dapat **nakasulat** at dapat iharap sa pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado **sa loob ng 30 araw** matapos ipagbigay-alam ang isang pasiya o aksiyon na kung saan ikaw o ang iyong awtorisadong kinatawan ay hindi sang-ayon. Ang kahilingan ay dapat nasa isang pormularyo ng Kahilingan sa Makatarungang Pagdinig na nakuha mula sa pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado.

Maaari mong kausapin nang tuwiran ang isang empleyado ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado at humiling ng isang makatarungang pagdinig. **Bibigyan ka ng empleyado ng isang pormularyo ng Kahilingan sa Makatarungang Pagdinig at tutulungan kang kumpletuhin ang pormularyo, kung kailangan.** Ipagpapatuloy ang mga kasalukuyang serbisyo habang ginaganap ang proseso ng apela kung ang iyong kahilingan para sa isang makatarungang pagdinig ay tinatakan ng koreo o natanggap ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado **sa loob ng 10 araw** matapos mong matanggap ang isinulat na balita ng isang pasiya o aksiyon na hindi ka sang-ayon. Ang pagpapatuloy ng mga serbisyo habang ginaganap ang proseso ng makatarungang pagdinig ay tinatawag na “aid paid pending”.

### ***Ano ang Mangyayari Kung Iharap Ko ang Aking Kahilingan para sa Makatarungang Pagdinig?***

Kapag matanggap ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ang iyong kahilingan para sa isang makatarungang pagdinig, padadalhan ka at ang iyong awtorisadong kinatawan ng isang kopya ng polyeto ng makatarungang pagdinig na magpapatuloy sa iyo ng iyong mga karapatan sa makatarungang pagdinig, sa pamamagitan at sa impormal na pagkikita,

kung hindi ka pa unang pinadalhan nito ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado. Ipagbibigay-alam din sa iyo ang iminungkahing petsa, oras at lugar ng kusang-loob at impormal na pagkikita, kung ikaw o ang iyong awtorisadong kinatawan ay humiling nito.

Kung hiniling ang pamamagitan, ang pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ay may **limang araw ng trabaho** mula sa petsa ng pagtanggap ng isinulat na kahilingan para sa pamamagitan na tanggapin o tanggihan ang pamamagitan. Kung tanggihan ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ang pamamagitan, ang paunawa ng pasiyang ito ay kaagad ipadadala sa iyo o sa iyong awtorisadong kinatawan.

**Sa loob din ng limang araw** matapos matanggap ang iyong kahilingan para sa isang makatarungang pagdinig ay ipa-fax ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ang isang kopya ng iyong kahilingan sa Office of Administrative Hearings. Sa pagtanggap ng iyong kahilingan para sa isang makatarungang pagdinig, padadalhan ka din ng Office of Administrative Hearings ng impormasyon hinggil sa iyong mga karapatan sa makatarungang pagdinig. Makatatanggap ka din ng balita tungkol sa panahon, lugar at petsa ng makatarungang pagdinig, ang pagkakamaroon ng tulong sa pagtataguyod, at mga karapatan at mga pananagutan ng mga panig na kasangkot sa makatarungang pagdinig.

Kung tanggapin ang pamamagitan, padadalhan ka rin ng Office of Administrative Hearings ng impormasyon hinggil sa mga karapatan sa pamamagitan. Makatatanggap ka din ng balita ukol sa panahon, lugar, at petsa ng pamamagitan, ang pagkakamaroon ng tulong sa pagtataguyod, at ang mga karapatan at mga pananagutan ng mga panig na kasangkot sa pamamagitan.

### ***Ano ba ang Aking Mga Karapatan sa Bawat Baitang ng Proseso ng Makatarungang Pagdinig?***

Ang bawat humihingi, tumatanggap ng mga serbisyo, o awtorisadong kinatawan ay may mga sumusunod na karapatan sa bawat baitang ng proseso ng makatarungang pagdinig (impormal na pagkikita, pamamagitan, makatarungang pagdinig):

- Maaari kang magkaroon ng isang tao o ahensiya na hinirang ng Pampook na Lupon (Local Area Board) bilang iyong kinatawan na tutulong sa iyo sa proseso ng makatarungang pagdinig;
- Maaari kang dumalo sa impormal na pagkikita, sa pamamagitan, at sa makatarungang pagdinig kasama ang kinatawan na iyong pinili;
- Maaari kang magbigay ng isinulat at ibinibigkas na katibayan;
- Maaari mong salungatin at tanungin nang masinsinan ang mga testigo;
- Maaari kang magsama ng isang abugado o anumang ibang mga kinatawan na iyong pinili;
- Maaari mong suriin ang mga talang kinuha ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado habang linalahok and mga serbisyo; at
- Maaari kang humiling na bigyan-ka ng isang taga-salin, kung kinakailangan man ito, na walang gastos sa iyo.

### ***Paano Ako Makakukuha ng Tulong sa Prosesong Ito?***

Maari kang kumuha ng tulong mula sa isang kaibigan, kamag-anak, tagapagtaguyod, abugado o

kaninumang ibang tao na iyong pinili. Hindi pananagutan ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ang mga gastos kung ikaw ay kumasundo ng isang abugado o sinumang ibang taong tutulong sa iyo. Kapag natanggap ang iyong kahilingan sa makatarungang pagdinig, dapat ka din bigyan ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ng impormasyon tungkol sa matatanggap na tulong sa pagtataguyod, kasama na ang pagsangguni mo sa tagapagtaguyod ng mga karapatan ng kliyente, sa pampook na lupon at iba pang kapisanan ng tagapagtaguyod.

### ***Paano Itatakda ang Oras at Petsa ng Kusang-loob at Impormal na Pagkikita?***

Sa sandaling matanggap ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ang iyong pormularyo ng Kahilingan sa Makatarungang Pagdinig, kaagad ipagbibigay-alam sa iyo at sa iyong awtorisadong kinatawan ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado, sa kasulatan, ang iyong mga karapatan sa makatarungang pagdinig, kung hindi pa nila ito nagawa sa Paunawa ng Iminungkahing Aksiyon. Bukod dito, ipagbigay-alam sa iyo o sa iyong awtorisadong kinatawan ang iminungkahing petsa, oras at lugar ng kusang-loob at impormal na pagkikita, kung hiniling mo o ng iyong awtorisadong kinatawan ito. Maaaring repasuhin mo o ng iyong awtorisadong kinatawan ang mga kasulatan bago sumapit ang isang impormal na pagkikita. Ang kusang-loob at impormal na pagkikita ay gaganapin **sa loob ng 10 araw** mula noong petsa ng pagtanggap ng pormularyo ng Kahilingan sa Makatarungang Pagdinig ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado.

### ***Ano ang Mangyaayri sa isang Kusang-loob at Impormal na Pagkikita?***

Ang patnugot ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado o ang kanyang taong itinalaga ang siyang mamamatnugot sa impormal na pagkikita. Ang impormal na pagkikita ay gaganapin sa oras at lugar na nababagay sa iyo at sa iyong awtorisadong kinatawan. Ito'y gaganapin sa wikang Ingles, ngunit maghahanda ang pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ng isang tagasalin kung kailangan at kung hiningi man nang adelantado. Maaaring iharap mo o ng iyong kinatawan ang mga isyu, katotohanan at katwiran para sa iyong apela. Maaari mong salungatin at tanungin nang masinsinan ang anumang mga testigo.

### ***Paano at Kailan Ako Babalitaan ng Pampook na Sentro o Sentrong Pangkaunlaran ng Estado Ukol sa Kanilang Pasiya sa Impormal na Pagkikita?***

**Sa loob ng limang araw ng trabaho** bago mangyari ang impormal na pagkikita, maglalabas ang pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ng isang isinulat na pasiya sa iyo at sa iyong awtorisadong kinatawan. Ang pasiya ay:

- Magkikilala sa mga isyung inihanda;
- Magsasabi kung ano ang desisyon sa bawat isyung nakilala;
- Magsasaad sa mga katotohanan na tumatangkilik sa bawat pagpapasiya;
- Magkikilala sa mga batas, mga alituntunin at mga patakaran kung saan nakabatay ang bawat pagpapasiya; at
- Magpapaliwanag sa pamamaraan ng pag-apela ng pasiya ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado.

Kung ikaw o ang iyong awtorisadong kinatawan ay nasisiyahan sa pasiya ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado kasunod ng isang impormal na pagkikita at hindi mo na nais magpatuloy sa pagdinig, kumpletuhin ang isang pormularyo ng Pagbibigay-alam ng Pagpapasiya na makukuha sa pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado. Ang nakumpletong pormularyo ng Pagbibigay-alam ng Pagpapasiya ay dapat iharap sa patnugot ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado. Ang pasiya ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ay magkakabisa sa loob ng **10 araw matapos matanggap ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ang Pagbibigay-alam ng Pagpapasiya sa kahilingan para sa isang makatarungang pagdinig.**

### ***Ano Ang Mangyayari Kung Hindi Ako Sang-ayon sa Pasiya ng Impormal na Pagkikita ng Pampook na Sentro o ng Sentrong Pangkaunlaran ng Estado?***

Kung ikaw o ang iyong awtorisadong kinatawan ay hindi nasisiyahan sa pasiya ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado kasunod ng kusang-loob at impormal na pagkikita, magpapatuloy ang kapakanan sa pamamagitan, kung hiniling at tinanggap ang pamamagitan at kung hindi inurong ang kahilingan sa makatarungang pagdinig. Kung hindi hiniling o tinanggap ang pamamagitan at hindi inurong ang kahilingan sa makatarungang pagdinig, magpapatuloy ang kapakanan sa makatarungang pagdinig.

### ***Paano Itatakda ang Oras at Petsa ng Pamamagitan?***

Matapos matanggap ang isang isinulat na kahilingan para sa pamamagitan, bibigyan ang pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ng **limang araw ng trabaho** upang tanggapin o tanggihan ang pamamagitan. Ikaw, ang iyong awtorisadong kinatawan, at ang Office of Administrative Hearings ay kaagad babalitaan ng pasiya ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado.

**Sa loob ng limang kalendaryong araw** matapos matanggap ang balita ng pasiya ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado na tanggapin ang pamamagitan, ang Office of Administrative Hearings ay magbibigay alam sa iyo, sa iyong awtorisadong kinatawan, at sa pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ng mga sumusunod:

- Ang oras, lugar at petsa ng pamamagitan;
- Ang iyong mga karapatan at mga karapatan ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado;
- Pagkamayroon ng tulong sa pagtataguyod;
- Ang pangalan, direksiyon at numero ng telepono ng tao o opisina na mamamagitan sa alitan.

Ang pamamagitan ay gaganapin **sa loob ng 30 araw** mula noong petsang natanggap ang pormularyo ng Kahilingan sa Makatarungang Pagdinig ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado.

### ***Ano ang Dapat Kong Gawin Kung Kailangan Kong Magtakda ng Ibang Oras o Petsa ng***

## *Pamamagitan?*

Maaari mong hilingin na ipagpaliban ang pamamagitan. Maaaring ipagkaloob ang iyong kahilingan alinsunod sa pasiya ng tagapamagitan. Kung ang iyong kahilingang ipagpaliban ang pamamagitan ay ipinagkaloob, magtatakda ng bagong petsa at oras para sa komperensiya ng pamamagitan at maaaring palugitan ang panahon ng paglabas ng pagpapasiya sa makatarungang pagdinig.

## *Ano ba ang Pamamagitan?*

Ang pamamagitan ay isang kusang-loob na pagkikita ng mga panig sa isang alitan at ng isang taong walang pagkiling (ang tagapamagitan) na siyang may kasanayan at karanasang tulungan ang mga taong lutasin ang mga pagkakasalungatan. Ito'y isang pangkaraniwang paraan ng mapayapang pagsasaayos ng mga alitan at ito'y kadalasang ginagamit sa iba't-ibang larangan. Ang tagapamagitan ay tumutulong padaliin ang isang impormal, walang samaan na pagkikita kung saan may pagkakataon at kapangyarihan ang mga panig na sang-ayunan ang isang resolusyon. Ang tagapamagitan ay tumutulong isaalang-alang ang mga katotohanan, isyu at dahilan ng apela at ng pasiya ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado, at tumutulong sa mga panig na dumating sa isang kalutasang kasiya-siya sa dalawang partido.

Sa panahon ng pamamagitan, maaaring magkita ang tagapamagitan nang hiwalay at lihim sa anumang tao o grupo ng mga tao na kasangkot sa pamamagitan. Ito'y paminsan-minsang tinatawag na “meeting in caucus” (pulong ng isang lupon). Sapagka't ang tagapamagitan ay hindi kumikilos bilang hukom, ang mga pinagtatalunang isyu ay pinagpapasiyahan sa ginawang pamamagitan lamang kapag dumating ang mga panig sa isang kasunduan na maaaring tanggapin ng bawat panig. Sapagka't ang pamamagitan ay kusang-loob, ikaw, ang iyong awtorisadong kinatawan o ang pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ay maaaring magpasiya sa kahit na anumang panahon na magpatuloy sa pagdinig nang walang pamamagitan. Ang tagapamagitan ay hihirangin ng Office of Administrative Hearings. Ito'y gaganapin sa wikang Ingles, ngunit maghahanda ang Office of Administrative Hearings ng isang tagasalin, kung ito ay kinakailangan, at kung ito ay hiningi bago mangyari ang pamamagitan.

Kung magkasundo ang mga panig sa ginawang pamamagitan at hindi mo na nais magpatuloy sa pagdinig, dapat mong kumpletuhin ang isang pormularyo ng Pagbibigay-alam ng Pagpapasiya na makukuha sa pampook na sentro, sa tagapamagitan o sentrong pangkaunlaran ng estado. Ang nakumpletong pormularyo ng Pagbibigay-alam ng Pagpapasiya ay dapat iharap sa patnugot ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado. Ang pangwakas na resolusyong pinagkasunduan sa panahon ng pamamagitan ay magkakabisa **10 araw matapos matanggap ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ang Pagbibigay-alam ng Pagpapasiya sa kahilingan para sa isang makatarungang pagdinig.**

## *Ano ang Mangyayari Kung Nabigo ang Pamamagitan Lutasin ang (mga) Isyu?*

Kung nabigo ang pamamagitan lutasin ang isang isyu o mga isyu nang ikaw ay nasisiyahan, o nang kasiya-siya sa iyong awtorisadong kinatawan, magpapatuloy ang hindi nalutas na isyu o mga



isyu sa makatarungang pagdinig. Kaagad ipagbibigay alam ng tagapamagitan ang Office of Administrative Hearings ukol sa kinalabasan ng pamamagitan.

### ***Paano Itinatakda ang Oras o Petsa ng Makatarungang Pagdinig?***

Matapos matanggap ang iyong kahilingan para sa makatarungang pagdinig, kaagad ipagbibigay-alam ng Office of Administrative Hearings ang mga sumusunod sa iyo, sa iyong awtorisadong kinatawan at sa patnugot ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado sa isang kasulatan:

- Ang oras, lugar at petsa ng makatarungang pagdinig;
- Ang iyong mga karapatan, kasama ang mga karapatang nabanggit sa pahina 3 ng polyetong ito, at ang mga karapatan ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado;
- Pagkamayroon ng tulong sa pagtataguyod; at
- Ang pangalan, direksiyon/tirahan at numero ng telepono ng tao o opisina na mamamatnugot sa makatarungang pagdinig.

Ang makatarungang pagdinig ay gaganapin **sa loob ng 50 araw** mula noong petsang natanggap ang pormularyo ng Kahilingan sa Makatarungang Pagdinig ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado. Ikaw, ang iyong awtorisadong kinatawan, o ang pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ay maaaring humiling ng karagdagang panahon. Dapat maglabas ng isang pangwakas na administratibong pasiya **sa loob ng 90 araw** matapos matanggap ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ang kahilingan para sa makatarungang pagdinig.

### ***Ano ang Dapat Kong Gawin Kung Kailangan Kong Magtakda ng Ibang Oras o Petsa ng Makatarungang Pagdinig?***

Maaari mong hilingin na ipagpaliban ang pagdinig kung may mabuting dahilan. Magpapasiya ang Hukom ng Batas na Pampangasiwaan kung ang iyong kahilingan ay dapat ipagkaloob. Kung ang iyong kahilingang ipagpaliban ang makatarungang pagdinig ay ipagkaloob, magtatakda ng bagong oras o petsa ng pagdinig at maaaring palugitan ang panahong ipinapahintulot para sa paglabas ng isang pasiya. Ang pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ay maaari ding humiling na ipagpaliban ang makatarungang pagdinig. Hindi maaaring palugitan ng pagpapalibang ipinagkakaloob dahil sa kahilingan ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ang panahon ng pagpapasiya ng Hukom ng Batas na Pampangasiwaan.

Ang makatarungang pagdinig ay gaganapin sa oras at lugar na makatwirang nababagay sa iyo at sa iyong awtorisadong kinatawan. Ikaw, o ang iyong awtorisadong kinatawan, at ang pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ay dapat magkasundo sa lugar ng makatarungang pagdinig. Ang makatarungang pagdinig ay gaganapin sa wikang Ingles. Maghahanda ng isang tagasalin ang Office of Administrative Hearings, kung kinakailangan man ito, at kung hiningi man nang adelantado.

### ***Ano ba ang isang Makatarungang Pagdinig?***

Ang makatarungang pagdinig ay maaaring katulad ng isang pagdinig sa hukuman, na may mga

kasamang testigo, pagtatanghal at mga alituntunin ng katibayan. Hindi kinakailangang ganapin ang isang makatarungang pagdinig alinsunod sa mga alituntunin ng katibayan at mga alituntuning ukol sa mga testigo. Mamamatnugot ang isang Hukom ng Batas na Pampangasiwaan. Ang hukom ay hindi naglilingkod sa pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado, ngunit sa Office of Administrative Hearings.

Maaari mong katawanin ang iyong sarili sa makatarungang pagdinig. Maaari ka ding katawanin ng isang abugado, tagapagtaguyod, kamag-anak, kaibigan o sinumang ibang taong pinili mo. Kung kumasundo ka ng isang abugado o sinumang ibang tao, ikaw ang mananagot sa mga gastos dito. Ang manggagawa ng pangasiwaan o isang taong itinalaga ay karaniwang kumakatawan sa pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado.

**Di-kukulangin sa limang araw bago ganapin ang makatarungang pagdinig, ikaw at ang pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ay dapat magpalitan ng isang listahan ng mga testigo, paksa ng pahayag ng bawat testigo, at mga kopya ng lahat ng dokumentong katibayan na maaaring iharap. Kung hindi ibinigay ang impormasyon nang adelantado, maaaring hindi ipahintulot ng Hukom ng Batas na Pampangasiwaan na gamitin ito sa pagdinig.** Kung hindi mo naiintindihan ang impormasyon na iyong natanggap, maaari kang humingi ng tulong mula sa anumang tagapagtaguyod.

Ang bawat panig ay maaaring magharap ng naaangkop na katibayan upang patunayan ang kanyang kaso. Ang bawat panig ay maaaring magdala ng mga testigong may kaalaman tungkol sa mga isyung kasangkot at ng mga dokumento tulad ng mga kasulatan ukol sa serbisyo o mga talang pangkalusugan. Dapat mong subukan na kusang-loob na magpakita ang mga testigo, ngunit may karapatan kang subpenahin ang mga naaangkop na kasulatan o ang mga tao para sa makatarungang pagdinig. Kung subpenahin mo ang isang testigo, maaaring magkaroon ng ilang gastos at/o mga kabayaran na iyong pananagutan. **Sangguniin ang Office of Administrative Hearings nang may sapat na panahon bago sumapit ang makatarungang pagdinig upang makakuha ng mga subpena.** Ang lahat ng pahayag ay susumpaan o patitibayin. **Bago tapusin ang makatarungang pagdinig, dapat iharap ng iyong panig ang lahat ng katibayang nais mo na isaalang-alang ng Hukom ng Batas na Pampangasiwaan.** Matapos madinig ang lahat ng pahayag, maaaring bumigkas ang bawat panig ng pangwakas na pagmamatawid na tumatalakay sa mga napahayag ng katibayan.

### ***Paano at Kailan Ako Babalitaan ng Pasiya ng Makatarungang Pagdinig?***

Kasama ng pasiya ng Hukom ng Batas na Pampangasiwaan ang:

- Isang kabuuan ng mga katotohanan;
- Isang pahayag ng katibayang pinagbatayan;
- Isang pasiya sa bawat isyu;
- Pagkakakilanlan ng mga batas, mga alituntunin at mga patakarang tumatangkilik sa pasiya;
- Pagbibigay-alam na ito'y isang pangwakas na administratibong pasiya sa pagdinig; at
- Pagbibigay-alam na ikaw o ang pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ay maaaring mag-apela sa isang hukumang may angkop na kapangyarihan **sa loob ng 90 araw.**

Kung ang mga isyung nabigkas sa pagdinig ay **hindi** kaugnay ng Waiver program, ipadadala ng Hukom ng Batas na Pampangasiwaan ang isinulat na pasiya sa iyo, sa iyong awtorisadong kinatawan, at sa pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado **sa loob ng sampung araw** pagkatapos ng huling araw ng makatarungang pagdinig, ngunit hindi mas tatagal sa **80 araw** kasunod ng petsa kung kailan natanggap ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ang pormularyo ng Kahilingan sa Makatarungang Pagdinig.

Kung ang mga isyung nabigkas sa pagdinig ay **nauugnay** sa Waiver program, makatatanggap ka ng isang pangwakas na pasiya **sa loob ng 90 araw** kasunod ng petsa kung kailan matatakan ng koreo ang pormularyo ng Kahilingan sa Makatarungang Pagdinig o natanggap ito ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado, kung anuman ang mas maaga.

Kung ang pasiya ay di-nakabubuti sa iyo at ikaw ay tumatanggap ng mga serbisyo na siyang paksa ng apela, hindi isasakatuparan ang pasiya bago lumipas ang **sampung araw** matapos matanggap mo at ng iyong awtorisadong kinatawan ang pasiya sa pamamagitan ng napatunayang sulat (certified mail). Kung ikaw o ang iyong awtorisadong kinatawan ay hindi nakaiintindi ng wikang Ingles, ang isinulat na pasiya ay ibibigay sa wikang Ingles at sa wikang naiintindihan mo o ng iyong awtorisadong kinatawan.

***Ano ang mga Batas at Utos na Maiaangkop sa mga Pamamaraan ng Makatarungang Pagdinig?***

Title 17 California Code of Regulations, Public Health Division 2, Chapter 1, Subchapter 9 at ang Lanterman Developmental Disabilities Services Act (Welfare and Institutions Code, Division 4.5, Chapter 7, Sections 4700-4730)

Para sa Karagdagang Impormasyon  
Mangyaring Sangguniin ang Iyong Pampook na Sentro o  
Sentrong Pangkaunlaran ng Estado